タガログ語

# Ang Pagmumulta sa mga Nagbibisekletang Hindi Sumusunod sa Batas

**Ipapatupad na mula Abril 1, 2026**

- Ang hindi pagsunod sa tamang paggamit ng bisekleta ay paglabag sa batas trapiko
- Kung ikaw ay lumabag sa batas trapiko, kailangan mong magbayad ng multa
- Ang pagbabayad ng multa ay para sa mga indibidwal mula 16 na gulang pataas



## Mga Uri ng Paglabag sa Batas Pantrapiko

※ Sa kabuuan, mayroong 113 klase ng bayolasyon sa batas pantrapiko na sangkot ang bisekleta. May iba pang mga bayolasyon, maliban sa mga nakasulat dito.

※ Kung may mga katanungan o klaripikasyon, pumunta lamang sa pinakamalapit na istasyon na pulis

① 
Bawal ang paggamit ng telepono habang nag - bibisekleta
Multa ¥12,000

② 
Kung nasa malapit sa riles ng tren, kailangang tumigil at tingnang maaigi ang kaligtasan ng paligid. Ang hindi pagsunod nito ay isang bayolasyon
Multa ¥6,000

③ 
Maari lamang tumawid sa kalsada kung ang ilaw ay kulay berde. Ang hindi pagsunod sa stop light ay isang bayolasyon
Multa ¥6,000

④ 
Bawal ang pagbibisekleta sa kanang bahagi ng kalsada
Multa ¥6,000

⑤ 

Kung may sinyales na『止まれ』sa kalsadang dadaanan, tumigil at tingnan ang kaligtasan ng paligid. Ang hindi pag-gawa nito ay isang bayolasyon


Multa ¥5,000



⑥ 
Habang nagbibisekleta, bawal ang pagsusuot ng earphone, pakikinig ng musika at iba pang nakakahadlang para marinig ang mga tunog sa paligid.
Multa ¥5,000

⑦ 
Ang pagbibisekleta habang nakapayong ay isang bayolasyon
Multa ¥5,000

⑧ 
Ang pagkarga ng malalaking bagay sa bisekleta ay isang bayolasyon
Multa ¥5,000

⑨ 
Bawal magbisekleta ng walang ilaw sa gabi
Multa ¥5,000

⑩ 
Isang bayolasyon ang pagbibisekleta ng magkatabi sa daan
Multa ¥3,000

⑪ 
Bawal mag-ankas o umangkas sa bisekleta
Multa ¥3,000

Kung may child seat ang bisekleta, maaring mag- angkas ng bata na hanggang 6 na taong gulang ngunit ang hahawak ng bisekleta ay dapat 16 na tong gulang pataas.

Maaring mag-angkas ng hanggang dalwang bata.




⑫ 
Bawal magbisekleta sa sidewalk
Multa ¥6,000
Sa mga sumusunod na kondisyon (1～3)lamang maaring magbisekleta sa side walk
1 Kung may sinyales na nagsasabing maaring dumaan sa side walk ang bisekleta
2 Kung ang bata ay 12 taong gulang pababa, 70 taong gulang pataas o indibidwal na may kapansanan sa katawan
3 Sa oras na maraming dumadaan sa sasakyan sa kalsada at kung masikip ang kalsada

Sinyales


- Kung mahuhuli, magbibigay ang pulis ng Traffic Violation Ticket, isang asul na papel kung saan nakasulat ang bayolasyong nagawa at payment slip (Ito ay gagamitin sa pagbabayad ng multa)
- Kinakailangang bayaran ang multa hanggang sa nakatakdang araw. Dalhin ang payment slip at magbayad sa banko o post office
- Kung hindi nakapagbayad sa takdang araw, posibleng ikaw ay makorte.



Traffic Violation Ticket


Payment Slip

じてんしゃ　るーる　まも　あんぜん
自転車も　ルールを守って　安全に！



ぎふけんけいさつ
岐阜県警察

ぎふけんけいさつ
岐阜県警察
こうしき
公式Facebook